| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | 7 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | OCTOBER 14 - 18, 2024 (WEEK 3) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng brochure para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |

| | |
|---|---|
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa.<br>*a.* Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay, at tunggalian) at detalye sa tuluyan.<br>*b.* Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig, at kaisipan sa binasang tuluyan<br>*c.* Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>*d.* Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng |

| | |
|---|---|
| | panahon, lunan at may- akda |
| **D. Nilalaman** | Mga Tuluyan Sa Panahon ng Katutubo<br><br>• Dula (gaya ng katutubong sayaw at ritwal ng Babaylan) |

| | |
|---|---|
| | • |
| **E. Integrasyon** | • Lokal na Kasaysayan<br>• Literasing Pangkapaligiran |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|


Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.


Palis, Antonio (1992) "Nagbabangon ang mga Babaylan". https://www.youtube.com/watch?v=p4OZC51MBCY

*Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8.*

Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.

Villanueva, V. M. (2018). *#ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino*). VMV Publishing House. Makati: Bangkal.


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br><br>**A. PISARA NG PAGKAKAISA:** Sa pamamagitan ng grapikong pantulong, isulat ang mga susing salita na natutuhan sa nakaraang tagpo o talakayan. Pagkatapos ay bumuo ng isang konsepto batay sa mga salitang naisulat sa pisara.<br><br><br> | Ang mga nakitang<br><br>halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na<br><br>maunawaan ang mga paksa na<br><br>may kinalaman sa mga tula sa<br><br>Panahon ng Katutubo. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Ipaliwanag ang sumusunod na tanong.<br><br>1. Ipaliwanag ang katangian ng kuwentong-bayan na dula.<br>2. Bakit mahalaga pa ring matutuhan ng mga mag-aaral ang akdang tuluyan sa katutubong panahon?<br>3. Ano ang kaibahan ng dula sa panahon ng mga ninuno nating katutubo sa panahon ng social media?<br><br>B. ROLETALASTASAN: Gamit ang isang roleta na may nakasulat na mga pangalan ng mga mag-aaral, paikutin ito hanggang sa lalabas ang pangalan na siyang tatawagin upang magbahagi sa sumusunod na tanong:<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ipaliwanag ang katangian ng kuwentong-bayan na dula.<br>2. Bakit mahalaga pa ring matutuhan ng mga mag-aaral ang akdang tuluyan sa katutubong panahon?<br>3. Ano ang kaibahan ng dula sa panahon ng mga ninuno nating katutubo sa panahon ng social media?<br><br>2. Pidbak (Opsiyonal)</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Panghikayat ng Gawain<br><br>Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:<br><br>TUKOY-SALITA: Tukuyin ang akmang salita na tinutukoy sa bawat pahayag. Bilugan ang salita sa palaisipan at isulat ito sa patlang ng bawat bilang.<br><br>[ ] 1. Ang tekstong ito ay bunga ng pagpapahayag na ang layunin ay gumagawa ng malinaw, sapat at</td>
<td>Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Gamiting modelo ang gawaing inihanda.</td>
</tr>
</table>

walang kinikilingang pagpapaliwanag sa anomang bagay na nasasaklaw ng isip ng tao.

2. Isa itong uri ng panitikan na itinatanghal sa entablado.

3. Elemento ito ng dula na nagbibigay-buhay sa kuwento.

4. Ito ang tawag sa lugar kung saan itinatanghal ang dula.

5. Ito ang tawag sa mga babaeng manggagamot sa sinaunang panahon.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | F | H | I | J | K | L | M | N | O | T |
| M | K | L | N | O | P | Q | R | S | T | A |
| N | T | S | O | P | G | H | I | J | K | U |
| O | A | B | P | C | D | E | F | G | H | H |
| P | N | O | P | O | Q | R | S | T | U | A |
| R | G | H | I | A | S | T | U | V | W | N |
| S | H | I | D | E | C | I | H | A | L | K |
| T | A | J | U | L | E | S | T | A | L | L |
| U | L | K | L | U | H | A | K | O | P | A |
| B | A | B | A | Y | L | A | N | D | R | R |
| W | N | O | P | Q | R | S | T | U | V | I |

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Ang dula ay isang likhang sining na itinatanghal sa entablado. Katulad ng iba pang akdang-pampanitikan ito ay mayroon ding elemento ng banghay, tauhan, tagpuan, at tunggalian. Taglay nito ang pagpapahalaga sa pagtatanghal kung saan naipapakita ang sining ng pag-arte, pag-awit, at pagsayaw. Sa tulong ng dula, masasalamin ang kalagayan ng lipunan. Nagiging tagpuan at daluyan ang dula ng ekspresyon, pananaw, aspirasyon, at paghulma sa iba't ibang pagpapahalaga sa pagitan ng mga gumaganap, bumubuo sa produksiyon, at manonood. Kaya sa araling ito, marapat na masagot ang sumusunod na katanungan.

Paano nabago ang kultural na elemento sa pagsusulat ng akdang tuluyan lalong-lalo na sa pagsulat ng dula magmula sa sinaunang panahon patungo sa kasalukuyan?

Bakit mahalaga ang paglikha ng pan nagsasabi ng katotohanan tungkol sa lipunan at sa kasaysayan?

Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang paksa na may kinalaman sa akdang tuluyan sa Panahon ng Katutubo tulad ng alamat, pabula, at kuwentong posong.

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**TUKOY-GAMIT.** Panuto: Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap at gamitin ito sa pagbuo ng bagong pangungusap.<br><br>1. Dahil sa malubhang sakit ng kaniyang asawa ay tinawag niya ang isang albularyo.<br>**Kahulugan**: ____________________<br>**Pangungusap**: ____________________<br><br>2. Elegante ang mga telang ibinigay ng mahiwagang tandang sa mga tao.<br>**Kahulugan**: ____________________<br>**Pangungusap**: ____________________<br><br>3. Nasa ilalim ng kontrol ni Sultan Abdullah ang mga mandirigmang pumunta sa bahay Bagoamama.<br>**Kahulugan**: ____________________<br>**Pangungusap**: ____________________<br><br>4. Nalungkot ang pamilya ng mamamatay ang kanilang haligi ng tahanan dahil wala silang pera pambayad sa *Imam*.<br>**Kahulugan**: ____________________ | Paghahawan ng balakid. Ang gawaing ito ay pwedeng gawing pangkatan para ang lahat ng mag-aaral ay may partisipasyon sa loob ng klase. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Pangungusap:<br>______________________________<br><br>5. Malakas ang <u>kampo</u> ni Sultan Abdullah kung kaya't napagdesisyunan ng mahiwagang tandang na ipagbili na lamang siya ni Bagoamama.<br><br>Kahulugan:<br>______________________________<br><br>Pangungusap:<br>______________________________</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>Ikalawang Araw<br><br>Kaugnay na Paksa 3: Dula<br><br>1. Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>Patnubay na Tanong: Basahin ang mga gabay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa.<br><br>1. Ano ang kaibahan ng dula sa iba pang uri ng akdang tuluyan sa panahon ng katutubo?<br>2. Ano kaya ang silbi ng dula sa ating mga ninunong katutubo?<br>3. Paano nakatutulong ang mga elemento sa malikhaing pagtatanghal ng dula?<br><br>Ano nga ba ang dula?</td>
<td>Tiyaking bago ipabasa ang halimbawang kuwento sa anyo ng pabula, muling magamit ang mga susing salita sa pag- uugnay sa konteksto ng bagong aralin. Sa ganitong paraan, mahalaga ang patnubay upang maiproseso ang iba't ibang palatandaan ng pag-unawa.<br><br>Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa</td>
</tr>
</table>

Ang dula ay isang uri ng panitikang itinatanghal sa entablado. Katulad ng maikling kuwento at iba pang akdang tuluyan ito rin ay mayroong elemento ng banghay, tauhan, tagpuan, at tunggalian. Ito ay binubuo ng iba't ibang yugto. Bago pa man sakupin ang mga dayuhan ang ating mga ninuno, mayaman na sa tradisyon ng pagsasadula ang Pilipinas.

Noon, kung saan-saan nagtatanghal ng dula ang ating mga ninuno. Mayroon sa damuhan, sa tabing-ilog, sa bayan, at iba pa. Hindi rin maituturing na kawangis ng dula sa kasalukuyan ang dula noon sapagkat walang tiyak na prosesong sinusunod ang ating mga ninuno sa kanilang pagtatanghal. Ang isang pagtatanghal na mayroong tagpo, awit, at sayawan ay itinuturing ng pagtatanghal noong panahon na hindi pa tayo nasasakop ng mga dayuhan. Ang ganitong uri ng pagtatanghal ay tinatawag nating DULANG PANLANSANGAN. Ito ay mga dulang itinatanghal sa lansangan na naglalayong magbigay ng magandang pagtatanghal sa taong-bayan.

Ayon kay Arrogante (1991), ang dula ay kinilala bilang isang akdang pampanitikang layuning manggaya sa mga kaganapan sa buhay na ipinalalabas o ipinamamalas sa tanghalan. Samakatuwid, anomang karanasan ng isang bansa o mga pangyayari sa buhay ng isang tao ay maitatampok at maitatanghal bilang isang dula.

Noong unang panahon bago pa man dumating ang mga mananakop sa ating bansa, nagsasagawa na ng mga seremonya ang ating mga ninuno bagaman hindi po ito kinilala bilang dula ay naghahawig ang kanilang ginagawa sa ilang katangian ng dulang alam na natin sa kasalukuyan.

**Layunin ng Dula**

A. Magbigay libangan sa mga manonood.

lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay.

**Karagdagang Kaalaman na maaring gamitin sa pagtalakay:**

Ang albularyo ay isang uri ng manggagamot na popular noong panahon ng ating mga ninuno. Gumagamit sila ng mga halamang gamot upang magsilbing lunas sa mga sakit at kadalasang hinahaluan ito ng bulong ng panalangin para sa gabay ng Diyos.

Maliban sa albularyo mayroon ding tinatawag na babaylan.
Ang babaylan ay isang salitang katawagan para sa mga katutubong Pilipinong manggagamot (karamihan ay mga kababaihan) at pinuno ng pamayanan. Sa tradisyon ng mga Pilipino, isang taong may kakayahang gumamot ng kaluluwa at katawan ang mga babaylan; isang babaeng nagsisilbi sa pamayanan sa pamamagitan ng pagiging isang tagahilom ng mga mamamayan, tagapagtanggol

| | | |
|---|---|---|
| | B. Magbigay-buhay ang mga tauhan sa kuwento at maitanghal sa entablado.<br><br>C. Maitanghal ang mga kuwentong maaaring nagmula sa imahinasyon ng manunulat o mga kuwento mula sa realidad ng buhay.<br><br>D. Maibahagi ang mga pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan na itinatampok ang mga isyung panlipunan.<br><br>**Elemento ng Dula**<br><br>E. Tauhan/Aktor-Ang tauhan o aktor ang nagbibigay-buhay sa kuwento ng dula.<br><br>F. Tanghalan-Ang lugar kung saan itatanghal ang dula.<br><br>G. Direktor-Ang nangangasiwa sa kabuoang pagtatanghal at nagpapakahulugan sa iskrip.<br><br>H. Teknikal- Ang paglalagay ng tamang ilaw at tunog sa bawat tagpo ng dula na angkop sa emosyon ng pagtatanghal.<br><br>I. Iskrip- Ang iskrip ay pasulat na bersiyon ng dulang pagtatanghal. Dito makikita ang mga diyalogo ng mga tauhan, mga kagamitang kailangan, mga kilos, at mga detalyeng mahalaga sa pagtatanghal ng dula. | ng karunungan at bilang pilosopo; isang babaeng nagbibigay ng katatagan sa estrukturang panlipunan ng komunidad; isang babaeng maaaring pumasok sa mundo ng mga espiritu o iba pang katayuan ng diwa at paglabas-masok ng walang sagabal sa mga mundong ito; isang babaeng may malawak na kaalaman sa pagpapagaling ng mga sakit. |
| | Masasabing mayaman talaga ang ating bansa sa iba't ibang dula. Patunay lamang na ang ating mga ninuno bago pa dumating ang mga mananakop ay likas nang mahusay sa pagtatanghal at kasiningan. Mahalagang tandaan ang karanasan at naging pag-unlad ng ating mga ninuno sa pagtatanghal ay naging ugat ng ating kasanayang pagtatanghal sa kasalukuyan. Sila ang naging pundasyon ng pagtatanghal na nagbibigay sa atin ng inspirasyon na patuloy na mahalin at paunlarin ang ating sariling panitikan. | Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay. |

Halamang gubat ang pangunahing pinagkukunan ng pagkain ng pamilya.
Ang mga tauhan ay naniniwala kay Allah, ang diyos ng lahat.
Ang albularyo ang siyang nilalapitan kapag may nagkasakit.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Gawin ang sumusunod na paraan upang matukoy ang mga mahalagang pangyayari sa teksto at masuri ang mga elementong panlingguwistang ginamit sa akda.

**PINATNUBAYANG PAGBASA:** Sama-samang basahin ang isang pabula. Gawing gabay ang mga munting gawain. Sumangguni sa Sagutang Papel ng Pagkatuto Bilang 3.

**A. TANONG-TUGON:** Ano ang mahihinuha mong kalagayan ng lugar kung ang pagbabatayan ay ang mga nabasang pahayag katulad ng sumusunod:

**Hinuha Mo!**

| | |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**B. #TUNAYnaBUHAY:** Balikan ang nabasang dula Mula rito, suriin at iugnay ang mga pangyayari sa akda na maaring nangyayari sa tunay na buhay batay sa iyong karanasan, naranasan o nasaksihan.

| PANGYAYARI SA DULA | #TUNAYnaBUHAY |
| --- | --- |
| Kahit sa tindi ng kahirapan na naranasan ng pamilya ay mahigpit pa rin ang paniniwalang hindi sila pababayaan ni Allah. | |
| Sa kabila ng kanilang pagsusumikap, ay makikita pa rin ang kanilang kahirapan na maitaguyod ang kanilang pang- araw-araw dahil palagi pa rin silang salat sa pagkain | |
| Naitanong ni Bagoamama kay Allah ang kahirapang dinanas nila sa buhay at kung ito ba talaga ang nais ni Allah para sa kanila. | |
| Dahil sa kabutihang-loob na ipinakita ni Bagoamama sa mahiwagang tandang ay biniyaan ito. | |
| Alam ni Bagoamama na malaking pera ang makukuha niya ng mahuli niya ang isang mahiwagang tandang ngunit naawa pa rin siya dito at ito ay pinakawalan. | |

## Ikatlong Araw

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**C.** Punan ang tsart ng hinihingi ng mga tanong kaugnay ng binasang dula.

| TANONG | TUGON |
| --- | --- |

| | |
|---|---|
| ANO: Bigyang-pansin ang mga diyalogo sa akda.<br>Anong klase ng pamumuhay mayroon ang mga nabanggit na tauhan.<br>Anong uri ng mga katauhan ang ipinakita sa akda? | |
| | |
| | |
| | |

SINO:
Sino sa mga tauhan ang nagpakita ng kalakasan?
Sino naman ang nagpapakita ng kahinaan?
BAKIT:
Bakit mahalagang suriin ang mga salita at kilos ng mga tauhan sa kuwentong bayan?

PAANO:
Paano dininig ng kanilang Allah ang kahilingan ng mga puso ng buong pamilya?
Paano winakasan ng may akda ang dula?

**D.** Isaayos ang pagkasunod-sunod ng pangyayari sa akda. Lagyan ng bilang 1-6 batay sa pagkasunod-sunod nito.

| | |
|---|---|
| | Nalaman ng sultan ang tungkol sa mahiwagang tandang na nasa pag-aalaga ni Bagoamama at gusto niya itong kunin kapalit ang lahat ng kaniyang kayaman. |
| | |
| | |
| | |

Nagtungo si Bagaomama at inayos ang mga patibong na kaniyang gagamitin sa paghuhuli ng mga manok mula sa abakang bigay ng sultan.

Humingi ng tulong si Lokus a Babae kay sultan Abdullah

Nakahuli si Bagoamama ng isang mahiwagang tandang na

| REYALISASYON | INTEGRASYON |
|---|---|
| | |
| **EMOSYON** | **AKSYON** |
| | |

| | | |
|---|---|---|
| | tumulong sa kaniya na siyang dahilan ng kanilang pag-ahon sa kahirapan. | |
| | Namatay ang ama ni Bagoamama na si Lokus a Mama dahil sa sakit. Ipinagpalit ni Bagoamama ang tandang sa sultan dahil na rin sa | |
| | suhestiyon ng mahiwagang tandang para mas maging permamente ang kaginhawaan ng buhay ng mag-ina. | |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.<br><br>BINTANA NG PAG-UNAWA: Punan ng sumusunod na pahayag ang bawat bintana ng pag-unawa.<br><br>“**Bintana ng Pag-unawa sa Buhay at Papel ng Babaylan sa Kasalukuyang Panahon**”<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>Gabay na Tanong sa Pagninilay. Dugtungan ang mga pahayag.<br><br>Pagkatapos ng mahabang talakayan, | Ang mga nakikitang dagdag na konsepto ay mga batayang kaalaman na may kaugnay na kasanayan mula sa Gabay Pangkurikulum.<br><br>Malaya ang gurong gumawa ng paraan kung pano ito ilahad o talakayin sa mga mag-aaral habang binabasa at inuunawa ang lunsarang aralin.<br><br>Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag- aaral batay sa naging |

| | | |
|---|---|---|
| | Nalaman kong ______________________________.<br>Naranasan kong ______________________________.<br>Naramdaman kong ______________________________.<br>At gusto kong gawin ang ______________________________. | karanasan sa buong proseso ng pagtuturo. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**SURI-PILI.** Panuto: Suriin ang tanong at isulat ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Ito ay isang panitikang itinatanghal sa entablado.<br>A. tula C. kuwentong-bayan<br>B. dula D. pabula<br><br>2. Naiiba ang dula sa iba pang akdang pampanitikan dahil ito ay ________________.<br>A. nahahati ito sa iba't ibang yugto<br>B. may maraming tauhan<br>C. may maraming tagpuan<br>D. lahat ng nabanggit<br><br>3. Ayon kay Arrogante (1991), ang dula ay kilala bilang isang akdang pampanitikan na may layuning manggaya sa mga kaganapan sa buhay at ipinalalabas sa __. | Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng quiz notebook upang masubaybayan ang kanilang pang-akademikong pag-unlad. Ang quiz notebook ay maaari ding magsilbing homework notebook. |

| | | |
|---|---|---|
| | A. lansangan C. labas ng bahay<br>B. tanghalan D. paaralan<br><br>4. Ang sumusunod ay layunin ng dula **MALIBAN** sa isa.<br>A. Magbigay-libangan sa mga manonood.<br>B. Magbigay-buhay ang mga tauhan sa kuwento.<br>C. Maibahagi ang mga pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan.<br>D. Maipakita sa mundo na ang mga Pilipino ay magaling sa larangan ng pagtatanghal.<br><br>5. Ito ay isang elemento ng dula na naging bersiyon ng dulang pagtatanghal.<br>A. Teknikal C. Iskrip<br>B. Direktor D. Tauhan<br><br>6. Sa dula ang ___________ang sentro ng kuwento sapagkat sila ang nagbibigay-buhay nito.<br>A. Teknikal C. Iskrip<br>B. Direktor D. Tauhan<br><br>7. Ito ay mga dulang itinatanghal sa lansangan na naglalayong magbigay ng magandang pagtatanghal sa taong-bayan.<br>A. Dulang pantahanan | |

B. Dulang panlansangan

C. Dulang pampaaralan

D. Dulang pang-entablado

8. Ayon kay ____________________ ang dula ay kinilala bilang isang akdang pampanitikang layuning manggaya sa mga kaganapan sa buhay na ipinalalabas o ipinamamalas sa tanghalan.

A. Lope K. Santos C. Alejandro G. Abadilla

B. Jose P. Rizal D. Jose A. Arrogante

9. Ang dulang "Ang Mahiwagang Tandang ay dula mula sa ________________________________.

A. Luzon C. Mindanao

B. Maguindanao D. Visayas

10. Ang ______________________ay isang salitang katawagan para sa mga katutubong Pilipinong manggagamot (karamihan ay mga kababaihan) at pinuno ng pamayanan.

A. babaylan C. manggagamot

B. albularyo D. manghuhula

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

TUON-SULAT: Iskrip ng Patalastas, Daluyan ng Kultura

**Panuto:** Batay sa dulang binasa, bumuo ng isang iskrip tungkol sa isang patalastas kaugnay sa dulang "Ang Mahiwagang Tandang."

Gawing gabay ang mga tanong sa pagbuo ng iskrip.

1. Paano maipapakita ang pagpapahalaga sa kultura, tradisyon, at pagkakakilanlan sa nabasang dula?

2. Paano magiging mabisa ang paggamit ng mga tekstong ekspositori sa pagbuo ng iskrip ng patalastas?

**RUBRIKS SA PAGBUO NG ISKRIP PATALASTAS**

| **Bibigyan ng Tuon** | **Pamantayan sa Pagmamarka** | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamagat | Angkop at malinaw | | | | | |
| Orihinal | Orihinal na gawa | | | | | |
| May kaugnayan sa kuwentong nabasa | May kaugnayan sa dulang tinalakay | | | | | |
| May wastong gamit ng bantas | Dapat at angkop na mga salita at bantas | | | | | |
| Kabuoang Marka | 17-20- Pinakamahusay<br>14-16- Mahusay<br>12-13- Medyo Mahusay | | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br><br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin- pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>__________<br>__________<br>__________<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>__________<br>__________<br>__________<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>__________<br>__________<br>__________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>__________<br>__________<br>__________ | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |